Republic of the Philippines
Department of Education
Region III
**SCHOOLS DIVISION OF BULACAN**
Provincial Capitol Compound, Brgy. Guinhawa, City of Malolos, Bulacan
*website: https://bulacandeped.com* *email. bulacan@deped.gov.ph*

Setyembre 11, 2019

Sa: Mga Hepe ng CID at SGOD
Mga Tagamasid Pampurok
Mga Punong Guro ng mga Pampublikong Paaralang Sekundarya

Ang Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan sa pamamagitan ng Tanggapan ng Punong Lalawigan ay magdaraos ng paggunita sa **ika-121 Taong Anibersaryo ng Pagbubukas ng Kongreso ng Malolos at Kulminasyon ng *Singkaban Festival 2019*.** Ito ay gaganapin sa **ika-15 ng Setyembre, 2019, Linggo, ganap na ika-7:30 ng umaga**, sa **Patio ng Pook Pangkasaysayang Simbahan ng Barasoain, Lungsod ng Malolos, Bulacan.**

Kaugnay nito, kayo ay inaatasang dumalo suot ang kasuotang *Barong Tagalog para sa mga kalalakihan at Filipiniana para sa mga kababaihan* upang saksihan ang makasaysayang araw na ito. Gayundin inaatasan ang mga tagapangulo ng bawat EDDIS sa elementarya at sekundarya na i-tsek ang *attendance* ng lahat ng dadalo.

Para sa kabatiran at pagtalima ng lahat ng kinauukulan.

Lubos na sumasainyo,

**ZENIA G. MOSTOLES, Ed. D., CESO V**
Tagapamahala ng mga Paaralan

Liham Pansangay Bilang 170, s. 2019

Republika ng Pilipinas
LALAWIGAN NG BULACAN
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG PUNONG LALAWIGAN

DepEd-SDO of Bulacan Office of the SDS
RECEIVED
SEP 10 2019
By:
Time: 1:40

Agosto 29, 2019

**DR. ZENIA G. MOSTOLES, CESO V**
*Schools Division Superintendent*
Kagawaran ng Edukasyon
Lungsod ng Malolos, Bulacan

DepEd-SDO of BULACAN
RECEIVED
SEP 10 2019

Mahal na **Dr. Cruz:**

Pagbati!

Noong Setyembre 15, 1898 ay naganap ang unang pagbubukas ng Kongreso ng Malolos sa makasaysayang Simbahan ng Barasoain na naging hudyat ng pagsilang ng kauna-unahang republika na itinuturing na duyan ng demokrasya sa buong Asya. Noon din nagkaroon ng Saligang Batas na naglalaman ng mga pangunahing karapatan ng mga mamamayan na sagisag ng kasarinlan at soberanya ng isang bansa.

Kaugnay nito, magalang namin kayong inaanyayahang dumalo, **kasama ang inyong isang daang (100) district supervisors at principal,** upang ating sama-samang gunitain ang **ika-121 Taong Anibersaryo ng Pagbubukas ng Kongreso ng Malolos at Kulminasyon ng *Singkaban Festival 2019* sa Setyembre 15, 2019, ganap na ika-7:30 ng umaga, sa Patio ng Pook Pangkasaysayang Simbahan ng Barasoain, Lungsod ng Malolos, Bulacan.** Ang paksang pagdiriwang ay bahagi ng panapos na gawain ng *Singkaban Festival 2019.*

Kami ay lubos na umaasa sa inyong mahalagang pagdalo at pakikiisa sa nabanggit na pagdiriwang.


Maraming salamat.

Mabuhay kayo!

Lubos na sumasainyo,

**DANIEL R. FERNANDO**
Punong Lalawigan

"Sipag at Tapat na Paglilingkod sa inyo"



*2nd Floor, Capitol Bldg., Guinhawa, City of Malolos, Bulacan 3000*
*Telephone No. +63-44 7918148/49/50 Fax No. +63-44 7910853*
*Email Address: governordanielfernando@gmail.com*

DF
Damayang Pilipino



Daniel R. Fernando
Punong Lalawigan